



# PAMANTAYAN SA PAGPROTEKTA SA KAPALIGIRAN

# LAYUNIN

Hangad ng Reckitt na protektahan ang kapaligiran at mga likas na yaman, habang nag-aambag sa mapapanatiling pag-unlad sa buong mundo. Habang lumalaki ang pangangailangang maglakip ng pagprotekta sa kapaligiran sa pamamahala ng supply chain, nakikipagtulungan ang Reckitt sa mga partner sa ating buong value chain upang makamit ang mga pangarap ng Reckitt sa pagpapanatili para sa mas malusog na planeta. Binabalangkas ng Pamantayang ito ang mga kahingian at mga kasanayang inaasahan mula sa mga Business Partner ng Reckitt kaugnay ng pagprotekta sa kapaligiran. Tinutukoy nito kung paano ipatutupad ang Prinsipyo IV ng Patakaran sa Pangangalap para sa Napapanatiling Pag-unlad ng Reckitt, ang kaseryosohan ng Reckitt na protektahan ang kapaligiran at bawasan ang epekto nito sa kapaligiran.



## MGA SANGGUNIANG LEGAL AT SA INDUSTRIYA

Ang mga kahingiang ito ay ibinalangkas habang isinasaalang-alang ang sumusunod:

1. OECD Guidelines for Multinational Enterprises
2. United Nations Framework Convention on Climate Change; Kyoto Protocol; at Paris Agreement
3. Environmental, Health, and Safety (EHS) Guidelines, World Bank Group/International Finance Corporation, 2007
4. Mga Tala sa Patnubay: Performance Standards on Environmental and Social Sustainability, International Finance Corporation, 2012
5. Water Sense, US Environment Protection Agency
6. Mga Payo sa Pagtitipid ng Tubig: Commercial, Industrial, and Institutional Water Use, Alliance for Water Efficiency
7. AWS International Water Stewardship Standard
8. ISO 140001 Environmental Management System (EMS) Standard

## MGA SANGGUNIAN SA SGD

GANAP NA SINUSUPPORTAHAN NG RECKITT ANG PAGSASAKATUPARAN NG UN SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS (SDGs) BAGO ANG 2030



Positibong naaapektuhan ng aming negosyo at mga brand ang ilang SDG; gayunpaman, naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pamantayang ito, magkakaroon kami ng pinakamalaking epekto sa apat sa mga layunin.

Hinihikayat din ng Reckitt ang mga Business Partner na gumawa ng mga hakbang upang makapag-ambag sa mga SDG na iyon na may kabuluhan para sa mga heograpiyang kinaroroonan nila at kung saan magkakaroon sila ng pinakamalaking epekto sa pamamagitan ng kanilang negosyo.

# MGA KAHINGIAN

Umaasa ang Reckitt na yayakapin ng lahat ng Business Partner ang sustainability, sa paghahangad na iwaksi ang masasamang epekto sa kapaligiran at protektahan ang kapaligiran at likas na yaman sa lahat ng aspeto ng kanilang supply chain – sa paghahanap, pagmamanupaktura, pagpapaketa at distribusyon ng lahat ng produkto at serbisyo. Sinusuportahan at hinihikayat ng Reckitt ang mga Business Partner na patuloy na pabutihin ang pagganap at makakalikasang pamamahala ng paggamit ng tubig, dumi, emisyon, enerhiya, at materyal.

**Paggalang sa Prinsipyo IV ng Patakaran sa Pangangalap para sa Napapanatiling Pag-unlad ng Reckitt, sa kaseryosohan ng Reckitt na protektahan ang kapaligiran at bawasan ang epekto nito sa kapaligiran.**

1. Pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon, at pagpapanatili ng mga kinakailangang legal na permit.
2. Isang patakaran pangkapaligiran, pagtatasa ng aspeto/epekto at sistema ng pamamahala na inendorso ng senior management para matiyak ang legal na pagsunod, bawasan ang epektong pangkapaligiran, at pahasayin ang pagganap kaugnay ng epekto sa enerhiya, emisyon, tubig, at iba pang lokal na mahalagang epektong pangkapaligiran.
3. Mga programa para makapaghatid ng tuluy-tuloy na pagpapahusay sa pagganap para sa kalikasan, na mag-aambag sa mas malawakang sustainable na pag-unlad.
4. Transparency ng mga epektong natukoy at mga aksyong isinagawa o iminungkahi.
5. Aktibong pagpapaalam ng mga kahingiang ito sa mga supplier at aktibong pagsubaybay sa pagsunod hangga't maaari.
6. Regular na pagsasanay at pag-aangat ng kamalayan kaugnay ng mga natukoy na usapin, mga patakarang pangkapaligiran, at mga proseso upang matiyak ang epektibong pagpapatupad, pagpapahusay, at pagsunod.
7. Pagpreserba at promosyon ng biodiversity sa pamamagitan ng pagpapatupad ng paraang 'reduce, reuse and recycle' sa paggamit ng mga materyales sa produksyon.
8. Legal at responsableng pag-iimbak at pagtatapon ng lahat ng basura ng produksyon kabilang ang mga mapanganib na substance, tagas, maruming tubig o hangin, at emisyon sa hangin bilang prayoridad.
9. Paglalaan ng mga mekanismo sa pagrereklamo para sa mga manggagawa at iba pa para makapagpaabot ng mga alalahaning pangkapaligiran; at angkop na pagtugon sa mga ipinaabot na alalahanin, kabilang ang pagkakasundo sa mga remedyo kung saan naaangkop.
10. Pagtukoy ng Sustainable Development Goals na may kaugnayan sa negosyo at lokal na konteksto, pagpapatupad ng mga inisyatiba para positibong maapektuhan ang mga natukoy.

## PAGTATASA NG ASPETO AT EPEKTO

Ang aspetong pangkapaligiran ay isang elemento ng mga aktibidad, produkto, o serbisyo ng isang organisasyon na may aktwal o potensyal na epekto sa kapaligiran. Ang pagtukoy at pagtatasa ng malalaking aspetong pangkapaligiran ay dapat maging integral na bahagi ng mga pagtatasa sa panganib at epekto at dapat isagawa sa maagang bahagi ng isang proyekto o mga pagbabago, upang matiyak na sapat na matutugunan ang lahat ng panganib at epekto.



---

# ENVIRONMENTAL MANAGEMENT SYSTEM

Inaasahang magbuo at magpapatupad ang mga Business Partner ng mga environmental management system batay sa, o na kinabibilangan ng, mga prinsipyo ng ISO 14001 upang tukuyin, pahupain at subaybayan ang mga epektong pangkapaligiran at pagsikapan ang pagwawaksi sa mga nakasisira.

Ang management system ay may kabilang na mga polisiya at pamamaraan kaugnay ng enerhiya, emisyon, tubig, mapanganib na materyal, kalidad ng hangin, at basura.

## SA PAGPAPATUPAD NG MANAGEMENT SYSTEM, DAPAT ISAALANG-ALANG ANG SUMUSUNOD:



### Pamamahala at pagsubaybay sa enerhiya:

Sinusubaybayan at patuloy na sinusulit ang paggamit ng enerhiya, hal., binawasan at/o pinahusay gamit ang mga renewable na pinagkukunan.



### Emisyon:

Natutukoy ang mga pinagmumulan ng emisyon, at naghahanda ng plano sa pagbabawas, upang mabawasan ang emisyon sa pinagmumulan nito gamit ang mga solusyong engineering o paggamit ng mga plano at kontrol upang mabawasan ang polusyon sa hangin.



### Pamamahala at pagsubaybay sa tubig at maruming tubig:

- Nasusubaybayan ang paggamit ng tubig at paglikha ng maruming tubig. Nakapaghahanda ng pagsusuri ng balanse ng tubig, kung saan tinutukoy ang naaaksayang tubig, tumatagas na tubig, at kinakailangang pagpapahusay sa pagmamanupaktura at mga kaugnay na prosesong pang-utilidad, kung mayroon man.
- Ang maruming tubig ay nagagamot gamit ang angkop na pamamaraan upang matiyak na natutugunan ang legal na hinihinging sukatan ng inilalabas na maruming tubig bago ilabas ito sa paligid.
- Nakakapagpatupad ng mga programa upang matugunan ang kakulangan sa tubig at akses sa tubig sa mga catchment area at para sa mga lokal na komunidad na malapit sa (mga) site.
- Hindi nagdudulot ang temperatura ng maruming tubig ng kagyat na pinsala sa kalusugan ng mga buhay na nilalang, hindi babaguhin ng regular na inilalabas na maruming tubig ang balanse ng lokal na ecosystem tulad ng dami ng lumot, nutrisyon, mga lumulutang na buhangin, bacteria, at iba pang bagay na nangangailangan ng oxygen.



### Pamamahala at pagsubaybay sa basura:

Ang (mga) pinagmumulan ng nalilikhang basura ay natutukoy, at nakakapagpatupad ng mga plano para mag-reduce, reuse, at recycle.



### Pagpigil sa kontaminasyon o remediation:

Magpatakbo ng negosyo sa paraang pinipigilan ang kontaminasyon ng lupa, tubig, o hangin dahil sa aktibidad ng negosyo o mga nakapipinsalang substance. Nangangailangan ito ng pagbabantay sa paggamit, pag-iimbak at transportasyon ng hilaw na materyales, mga intermedyaryo, mga by-product, produkto, basura, at maruming tubig. Inirerekomenda ang mga angkop na kontrol sa engineering at administrasyon ng mga pinagmumulan. Kung saan may matutukoy na kontaminasyon, kailangang magpatupad ng sapat na remediation para maipanumbalik ang lupa, tubig, o hangin para sa ligtas at sustainable na paggamit.

## PAG-UULAT NG MGA PAGLABAG

Tayo ay isang organisasyong may mahihigpit na prinsipyo sa responsibilidad at integridad at palagi nating nilalayong gawin ang tama. Nauunawaan natin ang hamon ng mga usaping pangkapaligiran sa mga kumplikadyong supply chain sa buong mundo at na maraming sistematikong hamon na hindi kayang tugunan nang paisa-isa. Dahil dito, hinihikayat natin ang mga Business Partner na aktibong isiwalat sa atin kung saan sila nahihirapan sa pag-abot sa Pamantayang ito, nang sa gayon ay makapagtulungan tayo sa pagtugon sa mga usapin at mapalakas ang mga management system upang matiyak ang tuluy-tuloy na pagpapahusay.



## SAKLAW

Ang Pamantayang ito ay naaangkop sa lahat ng Business Partner na nagbibigay ng mga produkto at serbisyo sa o sa ngalan ng Reckitt.

Kabilang dito ang mga third-party manufacturer, mga supplier ng hilaw na materyales at materyales sa pagpapakete, mga service provider, vendor, trader, ahente, kontraktor, joint venture partner, at distributor, kabilang ang kanilang mga empleyado, ahente, at iba pang kinatawan (na tinutukoy rito bilang mga 'Business Partner'). Inaasahang ipapaalam ng mga Business Partner ang Pamantayang ito sa kanilang supply chain at tiyakin ila ang pagsunod sa Pamantayang ito ng kanilang mga direktang supplier.

Ang Pamantayang ito ay nagbibigay ng gabay sa mga Business Partner na sangkot sa operasyon ng pagpoproseso, mga pabrika at bodega at sinusuportahan ang Natural Raw Materials Sourcing Standard ng Reckitt para sa mga pangunahing prodyuser. Ang Natural Raw Materials Sourcing Standard ay naglalaman din ng mga detalyadong annex para sa mga partikular na inaalang value chain ng Reckitt. Hinihikayat ang mga Business Partner na sumangguni sa at ipatupad ang parehong Pamantayan kung saan naaangkop.